

Ang Lungsod ng Brockville

www.Brockville.com

Ang Brockville ay matagal nang bantog para sa maginhawa nitong lokasyon, parang larawang kagandahan, napakahusay na mga restawran at nakahahamong mga pasilidad na panlibangan. Mayroong isang kaakit-akit na tanawin ng Ilog ng St. Lawrence at ng 1000 Islands sa bukana nito, ang Brockville ay tunay na isa sa may mga pinakamagandang tanawin sa Canada. Nalalaman ba ninyo na ang Brockville ay pinili bilang isang itinalagang ligtas na komunidad sa buong mundo ng Organisasyon ng Pangmundong Kalusugan (World Health Organization)? Ang mga resulta mula sa isang pagsisiyasat ng komunidad ay nagpakita na 97% ng mga residente ng lungsod ay nakakaramdam na ligtas tumira dito. Pinasyahan nito na 99% ay nakaramdam na sila ay ligtas sa kanilang tahanan, 98% sa labas kung araw at 85% sa gabi at naglalakad saan man sa komunidad! Ang isang dahilang ito ang pinakamalakas na pang-akit para sa mga pamilya at mga retirado na isaalang-alang ang Brockville bilang kanilang lugar na pipiliin upang tirahan.



Para sa mga negosyo, ang pangunahing heograpikong lokasyon ay nagbibigay sa lungsod ng pinakamaahusay ng paggamit sa lahat ng mga serbisyo. Ang lungsod ay sentral na matatagpuan sa pagitan ng Ottawa, Montreal at Toronto at nasa loob ng mga minuto sa dalawang pang-internasyonal na mga tulay patungong hilagang Estado ng New York. Ipinapakita nito ang kaginhawahan at pang-ekonomikong lokasyon para doon sa mga nais na lumipat sa isang maliit na sentro. Matatagpuan sa gitna ng lugar ng St. Lawrence/Great Lakes at malapit sa isa sa pinakamalaking daluyan ng tubig na malayo sa aplaya, ang Brockville ay nag-aalok sa mga negosyo ng pagkukuha sa mga pangunahing pangkumersyal na pang-internasyunal na pamilihan pati na rin ng isang malawak na pagtatanghal ng mga aktibidad na pangkasiyahan sa mga turista at mga lokal.

Buong Populasyon: 21,854 (Statistics Canada Census 2016)

Katamtamang Temperatura ng Enero: -8 °C (27 °F)

Katamtamang Temperatura ng Hulyo: 26 °C (70 °F)

Karaniwang Ulan Taon-taon: 44 inches rain, 6.7 inches snow

Karaniwang Kita ng Sambahayan: \$84,400

Karaniwang Antas ng Pagkawala ng Trabaho 5-6 %

Mga Taong Nasa Hustong Gulang na May Mataas na Paaralang Edukasyon: 5,700

Mga Taong Nasa Hustong Gulang na May Kolehiyo o Unibersidad na Diploma: 8,890

Karaniwang Buwanang Halaga ng Upa ng 2 Kuwartong Apartment: \$883

Silid-tulugan ng average 3 hiwalay bunggal: \$251,217



Karagdagang Impormasyon

Rob Nolan, Tagapamahala ng Pang-Ekonomikong Pag-unlad 1 King Street West, Brockville, Ontario K6V 7A5 Canada
Ang Lungsod ng Brockville 613-342-8772 / rnolan@brockville.com



Leeds & Grenville
IMMIGRATION
PARTNERSHIP

www.NewcomersInfo.ca